


# Tambuli

Spring 2008
Tomo 4 Bilang 1

**Opisyal na Pahayagan ng Filipino Community of Oxford (FILCOMOXFORD)**
**http://www.filcomoxford.org.uk**

# Ika-4 na General Assembly Itinakda

*Ni Precy Cayabyab*

Itinakda ng Filipino Community of Oxford ang ika-apat nitong Pangkalahatang Pagpupulong o General Assembly sa ika-15 ng Marso. Ito ay gaganapin sa Tingewick Hall, John Radcliffe Hospital mula ika-walo ng umaga hanggang ika-lima ng hapon.

Gaya ng mga sinundan nitong pagpupulong, ang nasabing GA ay magtatampok ng outreach services ng Embahada ng Pilipinas. Kabilang sa mga serbisyong nabanggit ay ang application ng bagong pasaporte, renewal ng lumang pasaporte, application para sa dual citizenship at panunumpa ng katapatan, at pagpapamiyembro sa SSS at Pag-ibig. Lahat ng ito ay gaganapin sa umaga maliban sa oath taking na nakatakda sa hapon.



**Ang Ikatlong Pangkalahatang Pagpupulong noong nakaraang Marso 2007 sa Tingewick Hall.** (*Larawan mula sa website.*)

Ang FilComOxford naman ay bukas din sa umaga para sa

*Ika–4 na GA* p3

## NGAYONG ISYU

1 4th FilComOxford General Assembly
1 Handog ng Our Lady's School
2 Mensahe Mula kay Ariel
3 2007 sa mga Larawan
3 Coming Events
4 Editoryal
4 Thoughts of the Heart

# HANDOG NG OUR LADY'S SCHOOL

Naghandog ng tsekeng nagkakahalagang £200 ang mga mag-aaral at staff ng Our Lady's Primary School, Cowley sa FilComOxford noong ika-26 ng Pebrero, 2007. Ang nasabing donasyon ay ibinigay naman ng ating samahan sa mga biktima ng natural na kalamidad sa Pilipinas.

"Labis kaming natuwa sa pagiging bukas-palad ng mga bata at ng lahat ng staff at sa pagbibgay nila ng pagkalinga at pagmamahal sa mga bata sa kabilang panig ng mundo," ani FilComOxford chairman, Jose Ariel Lanada. Tinanggap ni Ariel ang donasyon sa pagdalaw niya sa nasabing paaralan.

Noong ika-3 ng Nobyembre, 2007 ipinamahagi ni Ariel, kasama si Sr. Clare Joseph Palto-ob ang mga balutan ng gamit pang-eskuwela sa 120 mahihirap na mag-aaral sa liblib na bahagi ng Antique at Duenas, Iloilo. Masasabing ikinatuwa naman ito ng mga nakatanggap. *T*

# Mula sa Ating Chairman



*“All these achievements would not be possible without the vital ingredient: YOU!”*

***Mga Kababayan,***

**My warmest greetings to each and every one of you!**

I share, with great honour, the accomplishments of our Filipino Community of Oxfordshire. It has been four years since we took over and continued the work Sister Clare Joseph started. Our Filipino Community of Oxfordshire has successfully organized activities to promote friendship, unity, camaraderie, sportsmanship and family fun. I am proud to let you know that these activities have really raised our profile as a significant and recognised community within Oxfordshire.

Last year was a year of continued progress. The General Assembly in March enabled over 70 of you to sort out your Philippine passports. Several took their oath of allegiance for dual citizenship. The 109$^{th}$ Philippine Independence Day celebration was a great success. It was graced by Member of Parliament, Andrew Smith, and the Lord Mayor of Oxford, Cllr John Tanner, as well as several diplomats from our Embassy in London. Our 4$^{th}$ Sports Fest was the best yet with a true spirit of sportsmanship being shown by the excellent teams. Our congratulations to the champions, Witney United. Let them spur the others on to compete for the laurels this year. There were many other events as well, including the annual Visita Iglesia and the Christmas party. Details including photographs of our events are posted on our website www.filcomoxford.org.uk .

Let me take this opportunity to invite you to our 110$^{th}$ Philippine Independence day celebrations (our 5$^{th}$ here in Oxfordshire) on 14 June 2008 at Tingewick Hall of the John Radcliffe Hospital in Oxford. We are delighted that the Auxiliary Bishop of Birmingham, Rt. Rev William Kenney, will be the principal celebrant of Mass in the morning. The new Lord Mayor of Oxford will be joining us around lunchtime and we are hopeful that other local dignitaries will be able to attend as well as our friends from the Embassy. I am proud to let you know that the day’s events will be covered by ABS-CBN Filipino Channel.

All these achievements would not be possible without the vital ingredient: **YOU!** I believe that our united efforts will enable us to accomplish better things. It is with this aspiration that we are organizing our association. This is our community. This is where we belong. FilComOxford is a community that values the dignity and pride of the Filipino people.

Please help us fulfill this dream. Formalize your membership by filling in an application form and we will provide you with an official identification card free of charge. Please visit our website to process your application. Get into the swing. Be an active member of our Filipino Community NOW.

I would like to take this opportunity also to express my personal debt of gratitude to my fellow officers of the Community for all their hard work and dedication.




***Mabuhay po tayong lahat!***

**JOSE ARIEL LANADA**
**Chairman**
**FilComOxford**

**Philippine Independence Day Celebration**





**Way of the Cross**

**3rd General Assembly**





**Camping in Cumbria**

# 2007 sa mga LARAWAN...



**Visita Iglesia**


Ika-apat na General Assembly ...p1

mga nagnanais maging kasapi nito. Magbibigay ang mga opisyal ng ID cards sa araw ding iyon.

Sa hapon naman ay iuulat ng samahan ang mga nagawa nitong proyekto noong nakaraang taon pati na ang kasalukuyang ulat pinansiyal. Matapos nito ay ibabahagi ng mga opisyal ang kanilang mga nakaplanong proyekto para sa taong ito.

Ang mga kinatawan naman ng Embahada ay bukas para sa mga katanungang may kinalaman sa mga serbisyo nito.

Ang taunang pagpupulong ay bahagi ng regular na proyekto ng FilComOxford. Para sa mga kinakailangang dokumento sa pag-aaplay ng pasaporte at iba pang serbisyo, kumunsulta sa ating website www.filcomoxford.org.uk. ***Kita-kits!***



## COMING EVENTS

**Marakahan na ninyo ang inyong mga kalendaryo at diary para sa mga ito!**

### *MARSO*

**20** Visita Iglesia (St. Anthony de Padua 7pm)
**21** Via Crucis (St. Anthony 10am) at Ecumenical Service (Marston shops 11am)
**23** Easter Mass (Corpus Christi 630pm)

### *HUNYO*

**14** 110th Philippine Independence Day Celebrations (Tingewick Hall, JRH)

### *AGOSTO*

**9,10,16,17,23,24** 5th Filipino Sports Festival

### *SETYEMBRE*

**8** Nativity of the Blessed Virgin Mary at 3rd Anniversary of Family Prayer Crusade

### *OKTUBRE*

**26** 3rd year celebration of the Living Rosary (Corpus Christi 5pm)

### *DISYEMBRE*

**8** Mass for the Immaculate Conception
**13** Pinoy Christmas Party

*Para sa mga detalye, tumutok lamang sa ating website of tawagan ang pinakamalapit na FilComOxford officer sa inyo!*

**EDITORYAL**

# MINSAN PA, TAYO'Y MAKIISA!

Ang napipintong Pagpupulong sa darating na Marso 15 ng ating samahan, FilComOxford, ay maituturing na isang tagumpay. Bagama't isa lamang ito sa ating mga taunang gawain, kung ating iisipin, nakakaapat na taon na tayong may pormal na pagkilala mula sa Oxford City Coucil at sa Embahada ng Pilipinas. Apat na taon ng patuloy na pagsasamahan sa pagdiriwang ng ating mga nakagisnang kaugalian, ng ating kultura at ng ating pagiging Pilipino. Pero hindi madali ang mag-organisa ng mga taong dadalo kahit sa taunang mga pagdiriwang pati na ang mga magpapalabas. Hindi rin iilang beses marahil na ibig nang sumuko ng ating mga kasama sa bigat ng mga gawaing ito. Ilang beses kaya nilang naisip na "huwag na lang kaya?" Kahit ang inyong **Tambuli** ay mahirap ding ipagpatuloy lalo na kung walang nagsusulat!

Ano ba ang maaari nating gawin para maging kakaiba ang taong ito? Maaaring iyon at iyon na namang Independence Day o General Assembly o Sports Fest o Lenten celebrations pero gawin nating kakaiba ang mga ito ngayong taon sa pamamagitan ng mas masigasig na pagsali at pagsuporta sa ating mga organizational activities. Malayo na ang narating ng ating samahan. ***Let's make this all worthwhile.***

*Thoughts of the Heart*

## Let Glamour Go

*1 Cor. 2:1*

*By Archbishop Socrates B. Villegas*

There is an inborn drive in us to want to be distinctive, to be competitive, and to be lavishly admired. Where do we get that? We get that from school. We get that from the culture of professionalism, from going up our career ladders as high and as soon as we can. To be distinctive, to be outstanding, to be multi-awarded, to be recognized, to be lavishly admired have become our aspirations.

The Lord teaches us that while our desire to be admired, be distinctive and outstanding are natural, St. Paul says to us that it does not really matter. He professes that it did not matter if the credit was given to Apollos, to him or any other person. What is important is God is glorified in what we do. In the Gospel, after healing, preaching and in the process of gathering a horde of admirers, Jesus does not entertain the "fans" and instead withdraws to a deserted place, all by Himself, in the presence of God, to pray.



If there is a natural drive in us, we might have imbibed it because of professionalism and school competition. We want to be outstanding all the time. The journey, however, of Christianity is not towards distinction. Nor is it towards admiration, popularity nor being outstanding. It is a step-by-step process towards the extinction of our personality so that in the end, it is Christ who takes over us.

**Nais n'yo bang malathala sa susunod na isyu ng Tambuli?**

Mangyaring sumulat lamang kay Precy Cayabyab (precimc@yahoo.com) o kahit na sinong opisyal ng FilComOxford na malapit sa inyo.

Deadline para sa June issue ay **Mayo 15, 2008**. Articles, pictures and drawings are all welcome.